Lifestyle Evangelism ©

Conrad Jun Tolosa
Revised March 20, 2020

803. Ang Gospel Witness

May dalawang uri ng katotohanan ang nalalaman ng isang witness. Ang una ay ang tinatawag na objective truth. Ang objective truth ay yaong katotohanan na hindi na nangangailangan ng patotoo ng tao. Ang laman ng salita ng Diyos ay objective truth dahilan sa "Ito ay nakasulat." Objective truths din ang mga pangyayari sa buhay ng nagpapatotoo na kapansin-pansin o nasasaksihan ng iba. Ang pahayag na si Jesus ay Anak ng Diyos ayon sa Bibliya ay objective truth. Ang subjective truth naman ay yaong nakabase sa karanasan ng tao. Ang declarasyon na si Jesus ang nagbabago ng aking buhay, at nagbibigay sa akin ng kapayapaan ay subjective truth; na, si Cristo nga ang gumagalaw sa aking buhay ay hindi nakikita ng sino pa man. Ang patotoo na puro subjective truths lamang ay walang bisa.

Ang tatlong bahagi ng patotoo ay ang mga sumusunod: 1) Ang nakaraan ng nagpapatotoo bago niya nakilala si Cristo ng personal, 2) mga pangyayari na bumabalot sa first meaningful encounter niya with Christ at ang Bible verse o pangako ni Cristo na kanyang pinanghahawakan, 3) ang bagong outlook niya sa buhay o kung paano siya binabago ni Jesus.

Kinakailangan ang paghahanda sa pagpapatotoo sapagkat marami ang maaring mga problemang mangyari sa gawaing ito. Ang ilan dito ay:

1. Getting off course. Madaling mapunta kung saan-saan ang pagkukuwento ng isang taong mahilig bumangka sa usapan. O kaya naman ang isang nagpapatotoo ay magre-recite ng napakaraming Bible verses one after another, o magbibigay ng maraming halimbawa para lamang bigyang diin ang isang punto. Ang ganitong paraan ng pagpapatotoo ay nag-aanyaya ng questions or objections mula sa nakikinig. Walang tao ang may gusto na pagsermonan siya ng kanyang kausap. Kapag nag-umpisa nang magtanong ang taong pinagwiwitnesan, eh baka kung saan-saan na mapunta ang usapan hanggang sa makalimutan na ang tunay na pakay ng pagpapatotoo.

2. Getting into an argument. Every time na may sabihin tayong hindi maganda patungkol sa relihiyon ng nakikinig, nag-aanyaya tayo ng argumento. Iwasan ang pagbanggit ng kung anumang bagay tungkol sa relihiyon o politica. Kapag inilagay sa defensive ang kausap, tiyak na ipagtatanggol niya ang kanyang sariling paniniwala. Pinakamabuti na magpatuloy na lamang sa paglalatag ng gospel presentation o kaya naman ay magpaalam na lamang kung nagiging argumentative na ang usapan.

3. Getting caught up sa kuwento ng sariling buhay. Gugustuhin natin na ikuwento ang ating sariling experiences kung hindi natin didisiplinahin ang ating bibig. Dapat na pakatandaan ng isang witness na hindi kailanman maliligtas ang isang tao dahilan sa pakikinig ng mga kamangha-manghang pangyayari na naganap sa kanyang buhay.

Kinakailangan na marinig ang salita ni Cristo na siyang magbibigay ng pagkakataon sa nakikinig na maniwala sa sinasabi ni Jesus, at tuloy magkaroon ito ng pananampalataya at samakatuwid, kaligtasan.

Copyright Conrad Jun Tolosa
Revised: March 20, 2020
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.